Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG HULYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 176-T'2002

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 60-T'2002 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 001-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA NAGDARAGDAG NG LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG TATLONG LIBO TATLUMPU'T PITONG PISO AT SIYAMNAPU'T APAT NA SENTIMOS (P3,037.94) MULA SA BALANSE NANG TAONG 2001 NA NAKALAAN SA PAGBILI NG GASOLINA UPANG IPAMBAYAD SA GASOLINA PARA SA SASAKYANG PANSERBISYO NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T*, ang pagdaragdag ng halagang nasasaad sa itaas maging sa layunin ng paggamit at paglalaan nito ay nakapaloob sa Kapasiyahan Blg. 60-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 001-T'2002 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sang. Bayan;

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay kapapanagutan ito ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 60-T'2002 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 001-T'2002 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur na nagdaragdag ng Laang Guguling nagkakahalaga ng P3,037.94 mula sa balanse nang taong 2001 na nakalaan sa pagbili ng gasolina upang ipambayad sa gasolina para sa sasakyang panserbisyo ng nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayaang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG.ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan